## Si Samson at si Delilah

(Hukom 13-16)



Ang mga Israelita ay namumuhay ng masama, sinusuway nila ang Diyos kaya hinayaan ng Diyos na sila ay sakupin ng mga Filisteo.

Minsan, nagpakita ang anghel ng Diyos sa asawa ni Manoa. Ang kanyang asawa ay hindi magka-anak. Sinabi ng anghel na siya ay magsisilang ng sanggol na lalaki, at ang kanyang ipapanganak ay hindi dapat putulan ng buhok sapagkat mula pa sa kanyang pagsilang ay ilalaan na siya sa Diyos. Siya ang magliligtas sa Israel mula sa mga Filisteo.

Si Samson ay naging hukom at pinuno ng Israel sa loob ng dalawampung taon. Siya ay tunay na napakalakas. Natatalo niya ang mga Filisteo dahil sa lakas ng kapangyarihan ng Diyos na nasa kanya. Bunga nito, naghanap ng paraan ang mga Filisteo upang matalo si Samson.

Sa kabila ng kalakasan niya na nagmumula sa Panginoon, si Samson ay namuhay ayon sa kanyang kasiyahan. May nagustuhan siyang isang dalaga na nagngangalang Delilah.

Si Delilah ang ginamit ng mga pinunong Filisteo upang malaman kung saan nanggagaling ang taglay na kalakasan ni Samson. Kapag nagawa niya iyon, ang bawat isa sa kanila ay magbabayad sa kanya ng 1,100 pilak.

Minsan tinanong ni Delilah si Samson patungkol sa lihim ng kaniyang lakas. Sumagot si Samson na kung siya ay igagapos ng pitong sariwang tali ng pana ay magiging katulad lang ng karaniwang tao ang kanyang lakas.

Binigyan ng mga pinuno ng Filisteo si Delilah ng sariwang tali ng pana pagkatpos ay ginapos niya si Samson. “Samson may dumating na mga Filisteo para hulihin ka!” ang sigaw ni Delilah. Nilagot ni Samson ang tali na parang lubid. Kaya hindi nalaman ang lihim ng kanyang lakas.

Ilang beses sinubukan ni Delilah na alamin ang lihim ng lakas ni Samson subalit siya ay nabigo.

Dumating ang pagkakataon na nainis na si Samson sa kakatanong ni Delilah tungkol sa lihim ng kanyang lakas. Kaya nang muli siyang tanungin ni Delilah, sinabi niya, “Hindi pa

nagugupitan ang buhok ko kahit isang beses. Kaya kung magugupitan ako, ang aking lakas ay magiging tulad na lang ng karaniwang tao."

Nabatid ni Delilah na nagsasabi ng totoo si Samson. Kaya ipinaalam niya sa mga pinuno ng Filisteo ang kanilang dapat na gawin. Bumalik ang mga pinuno dala ang perang ibabayad sa kanya.

Nang mapatulog na ni Delilah si Samson, tinawag niya ng isang tao para gupitin ang pitong tirintas ng buhok nito. Pagkatapos ay sumigaw si Delilah, ngunit sa pagkakataong ito pagbangon ni Samson hindi na siya makawala. Iniwan na siya ng Panginoon. Dinakip siya ng mga Filisteo, binulag at binilanggo.

Sa bilangguan, unti-unting humaba muli ang buhok ni Samson. Minsan, nagkaroon ng pagtitipon ang mga pinuno ng Filisteo at nagdiwang. Labis ang kanilang kasiyahan at nagpasalamat sila sa kanilang diyos dahil nabihag nila si Samson. Hiniling nila na ilabas si Samson upang sila ay aliwin. Pinatayo nila si Samson sa gitna ng dalawang haligi. Sinabi ni Samson sa utusan na pahawakin siya sa haligi ng templo upang makasandal siya. Naroon ang lahat ng pinuno ng mga Filisteo. Napakasikip ng gusali dahil may tatlong libong tao ang naroon.

Nanalangin si Samson sa Diyos na ibalik ang kanyang lakas. Kumapit si Samson sa dalawang haliging nasa gitna ng templo. Sumigaw si Samson at tinulak ang dalawang haligi nang buong lakas. Gumuho ang templo at nabagsakan ang mga pinuno at ang lahat ng taong naroon.

Mas maraming tao ang napatay ni Samson sa oras na iyon kaysa noong nabubuhay pa siya.

Ang Diyos ay mapagpatawad. Nang tumawag sa Kanya si Samson sa oras ng pangangailangan, Siya ay nakinig at tinugon ang kanyang kahilingan. Marunong ka rin bang lumapit at tumawag sa Diyos upang humingi ng tawad sa iyong mga nagawang pagkakamali?

